

# 1 SULAT SA MGA TAGA-TESALONIKA

Noong taong 50, dumating si Pablo sa Tesalonika na importanteng lunsod at kapitolyo ng probinsya ng Macedonia (tingnan ang Mga Gawa 17:1). Matapos tanggihan ng mga Judio, dito iniuukol ni Pablo ang kanyang pangangaral sa mga pagano at nakabuo siya ng isang pamayanan. Halos tatlong buwan pa lamang siya roon pero napilitan siyang umalis sa Tesalonika dahil sa gulong ginawa ng mga Judio.

Ano kaya ang mangyayari sa mga bagong kaanib sa pananampalataya na mga panimula pa lamang sa buhay-Kristiyano ang naituturo ni Pablo?

Lubhang nababahala si Pablo kaya pinapunta niya si Timoteo para makita sila at sikaping patatagin ang kanilang Iglesya. Bumalik si Timoteong may magandang balita at naging panatag ang loob ni Pablo kaya ipinadala niya ang sulat na ito sa simula ng taong 51.

Ito ang pinakamatandang akda sa Bagong Tipan.

---

**1** • 1 Mula kina Pablo, Silvano at
Timoteo para sa Iglesya ng mga
taga-Tesalonika na nasa Diyos Ama at na
kay Kristo Jesus.
Sumainyo nawa ang kapayapaan at
kagandahang-loob ng Diyos.
2 Lagi kaming nagpapasalamat sa
Diyos dahil sa inyo at inaalaala namin
kayo sa aming mga panalangin. 3 Palagi
naming naaalaala sa harap ng Diyos na
ating Ama ang trabaho ng inyong
pananampalataya, ang gawa ng inyong
pagmamahal at ang inyong katatagan sa
paghihintay kay Kristo Jesus na ating
Panginoon.
4 Naaalaala namin, mga kapatid na
mahal ng Diyos, kung paano kayo hini-
rang. 5 Hindi nga sa salita lamang ang
pag-eebanghelyo namin sa inyo, kundi sa
kapangyarihan, nang may banal na
espiritu at marami pang ibang ibinigay sa
inyo. Alam din ninyo kung paano namin
kayo pinakitunguhan alang-alang na rin
sa inyo.
6 At tinularan naman ninyo kami at ang
Panginoon; pagkatanggap nga ninyo sa

---

• **1.1** *Pananampalataya, katatagan, pag-ibig.* Para sa atin, kung minsan, di napapansin ang pag-asa o katatagan sa pagitan ng pananampalataya at pag-ibig. Para kay Pablo, ito'y may dalawang mahalagang kahulugan:

– Ang taong umaasa ay mapagtiis at matatag na nagbabata ng mga pagsubok at pag-uusig na humahamon sa kanyang pananampalataya. Kaya sinasabi ni Pablo: pananampalataya, katatagan, pag-ibig.

– Ang taong may pag-asa ay nananabik sa maluwalhating pagdating ni Kristo na hahatol sa mundong ito at magdadala sa atin sa susunod.

– *Nagpalaya siya sa atin sa nakaambang kaparusahan.* Noong panahong iyon, kumbinsido ang lahat ng mananampalataya na malapit na ang paghatol at masasaksihan nila ang pagdating ni Kristo.

*Hindi sa salita lamang ang pag-eebanghelyo namin* (5). Nagkaroon ng maraming tanda, himala at iba pang pagbubunyag sa Tesalonika: marahil ay plinano ng Diyos na magkaganito sapagkat walang mga taong may kakayahan, mga nagsanay na mga mananampalataya, upang mangaral at umakay sa iba.

Sa katunayan, hindi natin maipangangaral ang Ebanghelyo kung hindi nararanasan ng mga tao sa

salita, nagtiis kayo ng pag-uusig nang
may ligaya ng Espiritu Santo. 7 At naging
huwaran kayo para sa mga mananam-
palatayang nasa Macedonia at Acaya; 8 sa
inyo nagmula ang salita ng Panginoon sa
Macedonia at Acaya, at sa ibayo pang
mga lugar.

Lumaganap sa maraming lugar ang
inyong pananampalataya sa Diyos at
hindi na namin kailangang banggitin pa
ito. 9 Sila mismo ang nagsasabi kung
paano ninyo kami tinanggap at kung
paano ninyo tinalikuran ang mga diyus-
diyusan para sa Panginoon. Pinaglililing-
kuran na nga ninyo ang buhay at tunay na
Diyos, 10 at hinihintay magbalik mula sa
langit ang muli niyang binuhay na Anak –
si Jesus na nagpalaya sa atin mula sa
nakaambang kaparusahan.

**Ang simula ng Iglesya ng Tesalonika**

**2** • 1 Alam ninyo, mga kapatid, na hindi
bigo ang pagpunta namin sa inyo.
2 Nang libakin nga kami at insultuhin sa
Filipos, gaya nang nalalaman ninyo, lalo
pang lumaki ang aming tiwala sa Diyos
para harapin at ipahayag namin sa inyo
ang ebanghelyo ng Diyos sa gitna ng
maraming labanan.

3 Walang pandaraya o karumihan o
kasinungalingan ang aming pangangaral.
4 Ngunit kung paano ipinagkatiwala sa
amin ng Diyos ang Ebanghelyo, ganoon
kami nangangaral; hindi mga tao ang
gusto naming mabigyang-kasiyahan
kundi ang Diyos na sumusuri sa ating
mga puso. 5 Hindi kami nanlinlang, gaya
ng alam na ninyo, o naging mukhampera,
gaya ng alam ng Diyos. 6 Hindi namin
hinangad na papurihan ng mga tao, ninyo
o ninuman. 7 Kahit na maaari naman
naming hingin na igalang kami bilang
mga apostol ni Kristo.

Sa halip, kami ay naging magiliw sa
inyo gaya ng ina na nagpapasuso at
kumakandong sa kanyang sanggol. 8 At
sa laki ng aming malasakit sa inyo, handa
naming ibigay sa inyo, hindi lamang ang
Ebanghelyo, kundi ang sariling buhay
sapagkat totoong mahal namin kayo.

9 Alalahanin ninyo, mga kapatid, ang
aming trabaho at pagod. Hindi kami
naging pabigat kaninuman habang ipina-
ngangaral namin ang Ebanghelyo ng
Diyos, kundi araw-gabi kaming nagtra-
baho. 10 Saksi kayo, at ang Diyos mismo,
na naging banal, makatarungan at walang
kasalanan ang pakikitungo namin sa
inyong mga sumasampalataya. 11 Alam
ninyo na gaya ng ama sa kanyang mga
anak, 12 pinagsabihan din namin ang
bawat isa sa inyo at pinasigla at hinimok
na mamuhay nang karapat-dapat sa
Diyos na tumatawag sa inyo na maki-
bahagi sa kanyang kaluwalhatian at
kaharian.

13 Kaya walang katapusan ang pag-
papasalamat namin sa Diyos sapagkat
pagkatanggap ninyo ng aral mula sa
amin, tinanggap ninyo ito, hindi bilang
salita ng tao kundi bilang salita ng Diyos

---

Iglesya ang nagpapalayang kapangyarihan ng Diyos at ang kanyang pagmamalasakit na palayain ang lahat ng tao. Kung wala ang siglang ito sa Kristiyanong komunidad, nagiging mga salita lamang ang ating "pag-eebanghelyo."

*Naging tagasunod namin kayo.* Ang uri ng pamumuhay ng tagapangaral ang nagpapatotoo sa katotohanan ng mensahe. Babalik-balikan ni Pablo ang paksang ito sa kanyang sulat: nagpatotoo siya bilang banal, mabuti, at tapat na sugo, handang magbuwis ng buhay (2:8).

• **2.**1 *Gaya ng inang nagpapasuso at kumakandong sa kanyang sanggol* (7): pagkamagiliw ni Pablo. Ngunit pagkatapos, ginugunita ni Pablo ang ginugol niyang trabaho at lakas upang kumbinsihin at tawaging isa-isa ang bawat isa. Nangangailangan ng tiyaga, pagod, at pagpupunyagi sa apostol ang pagpapanumbalik sa Diyos ng kahit isang tao lamang.

Alam ng lahat ng Kristiyano ng panahon ni Pablo na ang inang Iglesya sa Jerusalem ang unang nagbata ng matinding pag-uusig. Para sa mga taga-Tesalonika, isa ring karangalan ang nakapanatili silang matatag sa harap ng pag-uusig. Ipalalagay ng ilan na masakit at eksaherado ang mga salita ni Pablo tungkol sa mga Judio. Ngunit sinasalamin nito ang kanyang karanasan, na pinatutunayan sa mga kabanata 15-28 ng aklat ng Mga Gawa.

na talagang nagkakabisa sa inyong mga naniniwala.

14 Tinularan nga ninyo, mga kapatid, ang mga iglesya ng Diyos sa Judea, ang mga iglesya ni Kristo Jesus. Dumanas kayo ng hirap mula sa inyong mga kalahi tulad ng kanilang dinanas mula sa mga Judio. 15 Ang mga ito ang pumatay sa Panginoong Jesus at sa mga propeta, at siyang umuusig sa atin ngayon. Hindi nakalulugod sa Diyos ang mga ito, at masamang makitungo sa mga tao. 16 Ang mga ito nga ang humahadlang sa amin na mangaral sa mga pagano para mailigtas sila. Sa gayon, pinupuno nila ang takal ng kanilang mga kasalanan, ngunit parating na sa kanila ang Paghuhukom.

17 Ilang panahon kaming nangulila at nalayo sa inyo, ngunit hindi sa puso, at labis na sinikap na makita kayong muli, mga kapatid, 18 kaya binalak naming puntahan kayo, at akong si Pablo, nang paulit-ulit; pero hinadlangan kami ni Satanas.

19 Sino nga ang aming pag-asa at ligaya? Sino, maliban sa inyo, ang aming korona at kapurihan sa harap ni Jesus na ating Panginoon, sa kanyang pagdating? 20 Oo, kayo ang aming kapurihan at kaligayahan.

**Mga alalahanin ni Pablo**

**3** • 1 Kaya hindi ko na matiis. Nagpasya akong pumunta nang mag-isa sa Atenas, 2 at ipadala sa inyo si Timoteo na aking kapatid at manggagawa ng Diyos sa Ebanghelyo ni Kristo. Gusto kong patatagin niya kayo at pasiglahin ang inyong pananampalataya, 3 at baka may umatras nang dahil sa mga pagsubok na ito. Alam naman ninyo na ito ang ating patutunguhan. 4 At nang nariyan pa kami'y sinabi na naming: "Mahaharap tayo sa pagsubok." At alam ninyong nagkatotoo nga ito. 5 Kaya nang hindi ko na matiis, isinugo ko si Timoteo para suriin ang inyong pananampalataya, at baka natisod na kayo ng naninisod at napawalang-bisa ang aming trabaho.

6 Ngunit kadarating lamang ni Timoteo mula sa inyo at tuwang-tuwa sa inyong pananampalataya at pagmamahal. Patuloy pala ninyo kaming naaalaala at pinananabikang makita; gayundin kami sa inyo. 7 Mga kapatid, anong laking aliw ang idinulot ninyo sa amin dahil sa inyong pananampalataya, sa gitna ng aming mga hirap at pagsubok. 8 Nabubuhayan kami ng loob dahil nagpapakatatag kayo sa Panginoon!

9 Paano namin mapasasalamatan nang sapat ang Diyos dahil sa inyo? Anong ligaya namin sa harap ng aming Diyos! 10 Araw-gabi naming hinihiling nang taimtim sa kanya na makita sana kayong muli para mapunuan ang kulang pa sa inyong pananampalataya.

11 Patagin nawa ng Diyos na ating Ama, at ni Jesus na ating Panginoon ang aming daan tungo sa inyo. 12 Dagdagan pa nawa ng Panginoon ang pagmamahal ninyo sa isa't isa at sa lahat ng tao, gaya ng aming pagmamahal sa inyo. 13 Patatagin nawa niya ang inyong kalooban, at maging banal kayo at walang-sala sa harap ng Diyos na ating Ama, sa pagdating ni Jesus na ating Panginoon na kasama ang lahat niyang mga banal.

---

• **3.**1 *Dagdagan pa nawa ng Panginoon ang pagmamahal ninyo sa isa't isa at sa lahat ng tao* (12). Ang pag-ibig ay nagpapakita muna sa loob ng komunidad at saka ito pinalalaganap sa lahat ng tao.

Pansinin din ang palagiang alalahanin ni Pablo: hindi siya pinapayagan ng kanyang misyong apostoliko na manatili sa alinmang komunidad. Palagi siyang gumagalaw, at naiiwang di tapos ang kanyang trabaho, ngunit ipinagkakatiwala niya ang kanyang mga napapasampalataya sa kagandahang-loob ng Diyos na di sumisiil sa kalayaan ng mga bagong mananampalataya ni sa trabaho ng Manunukso sa mundo.

*Alam ninyo na ito ang ating patutunguhan* (3). Walang Iglesya, ni pamumuhay-Kristiyano, na walang mga pagsubok at paniniil.

**Kadalisayan at pagtatrabaho**

**4** • 1 Tungkol naman sa iba pang
bagay. Hinihingi namin at ipina-
kikiusap sa inyo, mga kapatid, sa ngalan
ni Jesus na ating Panginoon, na mabuhay
kayo gaya ng natutuhan ninyo sa amin
para bigyang-kasiyahan ang Diyos.
Ginagawa na nga ninyo ito pero sikapin
ninyong pagbutihin pa ito.

2 Alam nga ninyo ang mga itinuro
namin sa inyo sa ngalan ng Panginoong
Jesus. 3 Ito ang kalooban ng Diyos para sa
inyo: na maging banal kayo, at umiwas sa
pambababae.

4 Pakitunguhan ng bawat isa sa inyo
ang sarili niyang asawa nang banal at
marangal, 5 at huwag magpadala sa mga
pagnanasa, tulad ng mga paganong hindi
nakakakilala sa Diyos. 6 Huwag hamakin
o linlangin ninuman ang kanyang kapatid
sa bagay na ito; hahatulan nga ng
Panginoon ang lahat ng mga ito, gaya ng
ibinabala at ipinahayag namin sa inyo.
7 Hindi nga sa kahalayan kundi sa kaba-
nalan tayo itinalaga ng Diyos. 8 Kaya hindi
sa tao sumusuway ang lumalabag dito,
kundi sa Diyos na siyang nagbibigay sa
inyo ng kanyang banal na Espiritu.

9 Tungkol naman sa pagmamahal sa
kapwa, hindi na kayo kailangang sulatan
pa. Naturuan na nga kayo ng Diyos ng
pagmamahal sa isa't isa. 10 Ginagawa na
nga ninyo ito sa mga kapatid na nasa
buong Macedonia. Ngunit hinihingi namin
sa inyo na pag-ibayuhin pa ito. 11 Ipagma-
laki ninyo ang mamuhay nang payapa,
mangalaga sa sarili at magtrabaho sa
sariling mga kamay, gaya ng sinabi namin
sa inyo. 12 Sa gayo'y mapupuri ng mga
nasa labas ang inyong pamumuhay at
hindi kayo aasa kaninuman.

**Huwag manangis gaya ng iba**

• 13 Mga kapatid, hindi kayo dapat
magkamali tungkol sa mga nahimlay na
at manangis gaya ng mga walang pag-
asa. 14 Naniniwala kaming namatay at
nabuhay si Jesus, at gayundin ang mga
namatay kay Jesus. Titipunin sila ng
Diyos kasama ni Jesus.

15 Ganito nga ang sabi namin, na salita
rin ng Diyos: kung nabubuhay pa tayo
pag dating ng Panginoon, hindi tayo
mauuna sa mga nahimlay na. 16 Pag nag-
utos ang punong anghel at pag tugtog ng
dakilang trumpeta, bababa mula sa
Langit ang Panginoon. At unang baba-

---

• **4.**1 Sa sandaling manampalataya tayo kay Kristo, kinakailangang mamuhay tayo nang tulad niya. Ang mga Judiong nagpabinyag ay may mga aral ng kabutihang-asal sa Lumang Tipan. Walang patnubay naman sa kagandahang-asal ang mga pagano kundi ang umiiral na mga alituntuning panlipunan. Para sa kanila, lubhang kakatwang usapin ang kalinisan. Para sa kanila, tugma sa pangangailangan ng katawan ang manaka-nakang pakikipagtalik, at wala itong kinalaman sa mga kahilingan ng konsiyensya. Inuulit ni Pablo sa lahat ng kanyang sinulat: huwag makipagtalik sa labas ng kasal. Sa 1 Cor 6, lalo pa niyang iginigiit ito sa pagpapahayag na ang ating buong pagkatao ay nakalaan kay Kristo. Sa pakikipagtalik, isinusuko ng tao ang kanyang buong pagkatao, kaya nagkakasala siya nang malubha sa mga di-matwid na pakikipagtalik.

Pagkatapos, tinatalakay ni Pablo ang paksang kanyang bibigyang-diin sa katapusan ng sulat na ito: papagtrabahuhin ang bawat isa. Naaabala ang komunidad ng mga taong mas mahilig magpakitang gilas sa kanilang pananampalataya kaysa magtrabaho. Kinukuha nila sa simbahan ang kanilang ikinabubuhay at pinapapangit nila ito sa mata ng mga pagano. Hindi pabor si Pablo sa buhay ng katamaran.

• 13. *Huwag kayong manangis gaya ng mga walang pag-asa.* Binubuo ang komunidad ng mga Taga-Tesalonica ng mga Kristiyanong bago pa lamang nananampalataya at wala pang masyadong karanasan. Matagal na panahon nilang tinanggap ang kapalarang isinisilang ang tao para mamatay. Ngayon, sa kabaligtaran, nagigising sila araw-araw nang may katiyakang malulupig ang kamatayan: Di na magtatagal at darating si Kristo upang isama sila sa Kaharian ng langit. Ngunit nagdadalamhati sila para sa kanilang yumaong mga kamag-anak na di maililigtas ni Kristo. Ito ang akala nila sapagkat ang mga taong babad sa kulturang Griyego ay nahihirapang maniwala sa muling pagkabuhay ng mga patay.

*Ang mga nahimlay na.* Hindi patay ang mga yumao kundi tulog, naghihintay ng panahon ng muling pagkabuhay, ang panahon ng pagbangon bilang mga bagong tao na binagong-anyo ni Kristo: lahat tayo'y babaguhing-anyo. Ang salitang "sementeryo" ay galing sa salitang nangangahulugang *tulugan*.

ngon ang mga namatay sa Panginoon.
17 At saka lamang dadalhin kasama nila
sa mga ulap tayong mga nabubuhay pa
para salubungin ang Panginoon sa
makalangit na daigdig. Kaya makaka-
sama natin ang Panginoon magpakailan-
man. 18 Kaya aliwin ang isa't isa ng mga
salitang ito.

**Mga taong-liwanag kayo**

5 • 1 Hindi na kayo kailangang sulatan
pa tungkol sa panahon at oras na
iyon. 2 Alam nga ninyo na darating na
parang magnanakaw sa gabi ang Araw ng
Panginoon. 3 Habang sinasabi ng mga tao
na "May katiyakan at kapayapaan," bigla
namang darating sa kanila ang kapa-
hamakan tulad sa paghihirap ng isang
babaeng manganganak at hindi sila
makatatakas.

4 Ngunit hindi naman kayo sa kadi-
liman, mga kapatid; kaya hindi kayo
daratnan ng araw na iyon na parang isang
magnanakaw. 5 Mga taong-liwanag at
taong-araw kayong lahat; hindi tayo
kakampi ng gabi at kadiliman. 6 Huwag
lamang kayong matulog gaya ng iba
kundi manatili kayong gising at hulas.
7 Sa gabi natutulog ang mga tulog at sa
gabi rin naglalasing ang mga lasing.
8 Ngunit hulas tayong mga kakampi ng
araw – suot ang armor ng pananampala-
taya at pag-ibig, at may pag-asa ng pag-
liligtas bilang ating helmet. 9 Sapagkat
hindi tayo itinalaga ng Diyos sa kaparu-
sahan kundi sa pagkakamit ng kaligtasan
sa pamamagitan ni Kristo Jesus na ating
Panginoon. 10 Namatay siya para sa atin
upang mabuhay tayong kasama niya,
maging buhay man tayo o nahimlay na.
11 Kaya pasiglahin ninyo ang bawat isa at
patatagin ang isa't isa gaya ng ginagawa
na ninyo.

12 Mga kapatid, hinihingi namin sa inyo
na pahalagahan ang mga nagtatrabaho
para sa inyo, ang mga nangunguna sa
inyo sa daan ng Panginoon, at ang mga
nagpapatibay sa inyong loob. 13 Igalang at
mahalin sila nang lubos dahil sa kanilang
trabaho, at mamuhay kayong magka-
kabuklod sa kapayapaan.

14 Ipinakikiusap namin sa inyo na
babalaan ang mga walang ginagawa,
pasiglahin ang mga nasisiraan ng loob,
tulungan ang mahihina, at maging mati-

---

*Dadalhin tayong kasama nila sa mga ulap.* Ipinalalagay ni Pablo na buhay pa sila ng kanyang mga mambabasa pagdating ni Kristo, at inilalarawan niya ang pangyayari sa kaisipan ng kanyang panahon: ang paniwala nila'y nasa itaas ang Diyos.

*Makakasama natin ang Panginoon magpakailanman.* Pumunta si Pablo sa pinakapuso ng paksa: makikibahagi tayo sa kapalaran ni Kristo. Masisiyahan tayong makipagpalagayang-loob sa Diyos sapagkat sa panahong iyon, nalinis na ang buong persona at binagong-anyo ng kapangyarihang nagmumula kay Kristong nabuhay na muli. Tingnan ang 1 Corinto 15 tungkol sa paksang iyon: doon ay binibigyan tayo ni Pablo ng pahiwatig kung ano ang katulad ng pagkabuhay-na-muli ng katawan, o mas tama, ng buong persona.

*Aliwin ang isa't isa.* Kinakailangang ang paraan ng pagdiriwang ng libing sa Iglesya ay iyong magpapalubag ng loob ng mga kamag-anak ng yumao at magpapalakas ng kanilang pananampalataya sa muling-pagkabuhay. Walang lugar para sa mga salita ng kawalang-pag-asa at kalungkutan na hinamak ni Jesus mismo (tingnan Mc 5:40): katangi-tangi ang mga ito sa mga taong nagpapalagay na pangkatapusan na ang pagkakahiwalay na ito. Ang misa para sa patay na ililibing, na walang mga drama pa, kapag nadarama ang taimtim na panalangin ng komunidad, ay nagkakaroon ng malaking epekto sa mga taong walang malasakit.

• **5.1** Gabi kung dumating si Kristo at mga anak ng liwanag ang mga mananampalataya. Mayaman sa kahulugan ang mga salitang ito. *Mga tao ng kadiliman* ang mga sumusunod sa kanilang masasamang hangarin: nagtatago sila para gumawa ng masama. Ang mga *taong-liwanag* naman ay di masisisi, naaaninag sa harap ng Diyos at walang dapat ikubli sa kanya. *Natutulog* at di handa ang di nananampalataya samantalang ang nananampalataya naman ay *nagbabantay* at nananatiling gising: gusto niyang manalangin nang magdamag hanggang madaling araw na waring hinihintay ang araw na patuluyin si Kristo. Tungkol naman sa mga yumao na, hindi sila patay, kundi "tulog", handang bumangon pagdating ng Panginoon.

*Pasiglahin ninyo at patatagin ang isa't isa* (11). Sa ganito nakikita ang Iglesya bilang tunay na komunidad na kailangan ng mga mananampalataya upang sila'y lumago sa pananampalataya at makalampas sa mga pagsubok. Sa bawat kahirapan, ang tulong ng

isin sa lahat. 15 Mag-ingat kayo na huwag
gantihan ng masama ang masama, ngu-
nit laging magsikap na maging mabuti sa
isa't isa at sa lahat ng iba pa.

16 Maging laging masaya, 17 manala-
ngin nang walang-humpay at 18 magpa-
salamat sa lahat ng pagkakataon. Ito ang
gusto ng Diyos para sa inyong na kay
Jesucristo.

• 19 Huwag sawatain ang Espiritu,
20 huwag hamakin ang mga babala ng
mga propeta. 21 Subukin ang lahat at piliin
ang mabuti. 22 Iwasan ang anumang
masama.

23 Pabanalin nawa kayo ng Diyos ng
kapayapaan nang mapagingganap niya
at ingatan ang inyong espiritu, kaluluwa at
katawan na walang kasalanan para sa
pagdating ni Kristo Jesus na ating Pangi-
noon. 24 Tapat ang tumawag sa inyo at
gagawin niya ito.

25 Mga kapatid, ipagdasal ninyo ako.
26 Batiin ang lahat ninyong kapatid ng ba-
nal na halik. 27 Iniuutos ko sa inyo sa
ngalan ng Panginoon na basahin ang sulat
na ito sa harap ng lahat ng kapatid.

28 Sumainyo ang kagandahang-loob ni
Kristo Jesus na ating Panginoon.

---

komunidad ang siyang magiging patunay na tayo ay napapalibutan ng pag-ibig ng Diyos at ni Kristo, tulad ng sinabi sa unang linya ng sulat.

Ayon sa bersikulo 12, pagkatapos lamang ng tatlong buwang pag-eebanghelyo, nagkaroon na ng mga pinunong namamahala ang komunidad na ito.

• 19. *Huwag sawatain ang Espiritu* (19). Ang gayong komunidad, na walang maraming tradisyon at aral na nasusulat, ay umaasa sa tulong ng Espiritu. Tiyak na nakatanggap ng mga pahiwatig ang ilang mga Kristiyano habang nagtitipon sila para sa Eukaristiya. Kaya sinabihan sila ni Pablo na samantalahin ang mga espirituwal na mensahe at aral na ito, ngunit may kasamang payo na suriin lahat, tulad ng ipahahayag niya nang mas detalyado sa 1 Corinto 14.

*Ingatan ang inyong espiritu, kaluluwa, at katawan na walang kasalanan* (23). Noong panahon ni Pablo, nakita sa tao ng marami, bukod sa kaluluwang nagbibigay-buhay sa katawan at nauukol sa mga gawaing materyal, ang mas personal na bahagi, ang espiritu, na nakakadiskubre ng katotohanan at katarungan.

Kapag nagsasalita si Pablo nang tungkol sa panloob na buhay ng mga mananampalataya, hindi *kaluluwa* ang ginagamit niyang salita kundi *espiritu*. Sa kaibuturan ng ating loob, ang ating espiritu ay pinalalago at pinagugulang ng pag-ibig at liwanag ng Espiritu. Pagdating ni Kristo lamang natin malalaman kung sino tayo.